

Santa Clara Family Health Plan DualConnect (HMO D-SNP) (SCFHP DualConnect)

Listahan ng Matibay na Kagamitang Medikal (List of Durable Medical Equipment, DME) para sa 2023

Ano ang Matibay na Kagamitang Medikal?

Ang matibay na kagamitang medikal (DME) ay mga partikular na bagay na binili ng iyong doktor para magamit mo sa tahanan. Ang mga halimbawa ay mga walker (andador), wheelchair (silyang de-gulong), o mga kamang pang-ospital.

Anong kagamitan ang saklaw ng aking planong pangkalusugan?

SCFHP DualConnect ang lahat ng medikal na kinakailangang DME, na ibibigay ng kinontratang vendor. Kabilang sa mga saklaw na gamit ang, ngunit hindi limitado sa: mga wheelchair, saklay, kamang pang-ospital, nebulizer, kagamitan para sa paghinga, intravenous (IV) infusion pump, walker at kagamitang nakakatulong makabuo ng salita.

Paano ko magagamit ang listahang ito?

Para sa ilang DME, sasaklawan lamang namin ang mga brand at tagagawang nasa listahan. Sumangguni sa susunod na pahina. Hindi namin sasaklawan ang ibang mga brand at tagagawa maliban na lamang kung sabihin sa amin ng iyong doktor o ibang provider na kailangan mo ang isang partikular na brand para sa mga medikal na kadahilanan. Maaaring kailanganin ang paunang pahintulot.

Gayunpaman, kung bago ka sa SCFHP DualConnect, at gumagamit ka ng brand ng DME na wala sa aming listahan, ipagpapatuloy namin ang pagbabayad sa brand na ito para sa iyo nang hindi lalagpas sa 90 araw. Sa panahong ito, dapat kang makipag-usap sa iyong doktor upang makapagpasya sa kung ano ang brand na tutugma sa iyong medikal na pangangailangan pagkalipas ng 90 araw na ito. (Kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong doktor, maaari mong hilingin sa kanya na i-refer ka para sa pangalawang opinyon).

Paano kung wala sa listahang ito ang kagamitang kailangan ko?

Ang mga kagamitang wala sa listahang ito ay maaaring masaklawan pa rin. Sasaklawan namin ang lahat ng medikal na kinakailangang DME na ibinigay ng kinontratang vendor. Kausapin ang iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.

Paano kung kailangan ko pa ng karagdagang impormasyon?

Ang *Handbook ng Miyembro* ay nagbibigay ng mga detalye tungkol sa iyong saklaw sa SCFHP DualConnect at mga kinakailangang paunang pahintulot. Tingnan ang Kabanata 4, "Chart ng Mga Benepisyo."

Kung kailangan mo ng kopya ng *Handbook ng Miyembro*, tumawag sa Serbisyo sa Customer sa 1-877-723-4795 (TTY: 711), 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang

8 p.m. Mahahanap mo rin ang *Handbook ng Miyembro* sa aming website sa www.scfhp.com/dualconnect.

Ang Santa Clara Family Health Plan DualConnect ay isang HMO D-SNP na may kontrata sa Medicare at Medi-Cal. Nakadepende sa pag-renew ng kontrata ng pagpapatala sa Santa Clara Family Health Plan DualConnect.

Listahan ng Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment)

Kagamitan	Mga Brand/Tagagawa	Limitasyon sa Dami
Monitor ng presyon ng dugo	A&D Medical	1 monitor kada 5 taon 1 cuff kada taon
Monitor ng asukal sa dugo	Abbott FreeStyle Freedom Lite Abbott FreeStyle Precision Neo Abbott FreeStyle Lite Abbott Precision Xtra	2 kada taon
Mga test strip ng asukal sa dugo	Abbott FreeStyle Abbott FreeStyle Lite Abbott FreeStyle Precision Neo Abbott Precision Xtra	5 kada araw
Mga lancet	Walang pinipiling brand o tagagawa	5 kada araw
Monitor para sa patuloy na pagsubaybay sa asukal	Abbott FreeStyle Libre	1 yunit ng serbisyo (kasama ang lahat ng supply at accessory) kada buwan

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Santa Clara Family Health Plan DualConnect (HMO D-SNP) (SCFHP DualConnect) sa mga batas sa mga karapatang sibil ng Estado at Pederal na pamahalaan. Ang SCFHP DualConnect ay hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagtatangi ng mga tao, o nagtatrato sa kanila nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang SCFHP DualConnect ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas madali, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - Mga nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing ginagamit na wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa SCFHP DualConnect mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-723-4795. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711. Kapag hiniling, maaaring gawing available para sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malalaking titik, audiocassette, o elektronikong anyo. Para makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

Santa Clara Family Health Plan
PO Box 18880
San Jose, CA 95158
1-877-723-4795 (TTY: 711)

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung naniniwala kang nabigo ang SCFHP DualConnect na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas itong nandidiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, gender, pagkakakilanlan ng gender, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa SCFHP DualConnect. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, pagpunta nang personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa SCFHP DualConnect mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-723-4795. O kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
Attn: Grievance and Appeals Department
Santa Clara Family Health Plan
6201 San Ignacio Ave

San Jose, CA 95119

- Sa personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o SCFHP DualConnect at sabihing gusto mong maghain ng karaingan.
 - Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng SCFHP DualConnect sa www.scfhp.com/dualconnect.
-

TANGGAPAN PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
**Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413**

Available ang mga form ng reklamo sa http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.
-

TANGGAPAN PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S.

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY/TDD 1-800-537-7697.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

Makakakuha ng mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal para sa Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

English – ATTENTION: If you need help in your language call 1-877-723-4795 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-877-723-4795 (TTY: 711). These services are free of charge.

Mensaje en español (Spanish) – ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-877-723-4795 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-877-723-4795 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese) – CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-877-723-4795 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-877-723-4795 (TTY: 711) . Các dịch vụ này đều miễn phí.

简体中文标语 (Chinese) – 请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-877-723-4795 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-877-723-4795 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

Tagalog – ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-877-723-4795 (TTY: 711) . Libre ang mga serbisyonang ito.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-877-723-4795 (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برايل والخط الكبير. اتصل بـ 1-877-723-4795 (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian) – ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-877-723-4795 (TTY: 711) : Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված կյութեր: Չանզանահարեք 1-877-723-4795 (TTY: 711) : Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian) – ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-877-723-4795 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជា ឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពផ្ទះ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-877-723-4795 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

(Farsi)مطلب به زبان فارسی

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-877-723-4795 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-877-723-4795 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi) – ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-877-723-4795 (TTY: 711) (पर कॉल करें)। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-877-723-4795 (TTY: 711) (पर कॉल करें)। ये सेवाएं निःशुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong) – CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-877-723-4795 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-877-723-4795 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese) – 注意日本語での対応が必要な場合は 1-877-723-4795 (TTY: 711) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-877-723-4795 (TTY: 711) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean) – 유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-877-723-4795 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-877-723-4795 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໂລພາສາລາວ (Laotian) – ປະກາດ : ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໄທຫາເປີ 1-877-723-4795 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໄທຫາເປີ 1-877-723-4795 (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien – LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-877-723-4795 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-877-723-4795 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi) – ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-877-723-4795 (TTY: 711). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-877-723-4795 (TTY: 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian) – ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-877-723-4795 (линия ТТУ: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-877-723-4795 (линия ТТУ:711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

ແທັກໂລນ໌ພາສາໄທຍ (Thai) – โปรดทราบ :หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-877-723-4795 (TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-877-723-4795 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian) – УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-877-723-4795 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-877-723-4795 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.